CHEQ

Childhood Experiences Questionnaire

HUMAN EARLY LEARNING PARTNERSHIP

UBC

Ang CHEQ ay isang questionnaire na kinukumpleto ng mga magulang at caregiver sa simula ng Kindergarten na school year. Tinutulungan nito ang mga teacher, administrador ng school at mga partner ng komunidad na magbigay at ma-improve ang mga naka-target na suporta para sa mga bata at pamilya.

Ginagamit ang CHEQ para:

- **Mag-develop ng mga programa at patakaran para sa buong district at komunidad;**
- **Maunawaan nang higit pa ang mga maaagang karanasan ng mga bata at mga pamilya; at**
- **Ma-improve ang pagpaplano ng classroom at school programming.**

Kasama sa CHEQ ang mga tanong tungkol sa mga karanasan ng mga bata sa wika at numero, nutrisyon at mga gawi sa pagtulog, mga aktibidad sa bahay at sa komunidad, at access sa at paggamit ng mga resource at serbisyo.

Ang CHEQ sa isang sulyap

- Kinukumpleto ng mga magulang at caregiver sa simula ng school year.
- Kinukumpleto online sa school o sa bahay.
- Aabutin ng mga 30 minuto para makumpleto.
- Kinokolekta ang impormasyon sa mga karanasan ng mga bata na importante sa kanilang malusog na pag-develop at kagalingan. Kasama ang mga tanong na kaugnay ng COVID-19 para matulungan tayong maunawaan ang mga segundaryong epekto ng pandemic sa mga bata at mga pamilya.
- Naka-summarize ang impormasyon sa mga report para sa indibiduwal, classroom, school at district.
- Ginagamit ng mga school at komunidad para magbigay ng mga naka-target na suporta at serbisyo sa mga bata at kanilang mga pamilya.

Magagamit ang CHEQ sa mga school at district para:

- Magplano para sa school year.
- Alamin ang mga pangangailangan sa school programming.
- Maunawaan nang higit pa ang mga indibiduwal na pangangailangan ng mga bata.

Magagamit ang CHEQ sa komunidad para:

- Magbigay ng mga naka-target na suporta at serbisyo sa mga bata at kanilang mga pamilya.
- Magdesisyon tungkol sa programming at mga serbisyo na gusto at kailangan ng mga pamilya.
- Maunawaan ang mga hadlang sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng komunidad, mga pang-recreation na aktibidad at pangangalaga ng bata.

Version: May 2022 - H20-02241

Tinatanong ng CHEQ ang mga magulang at caregiver tungkol sa:

Pisikal na Kalusugan at Kagalingan

Ang mga karanasan ng kanilang anak na kaugnay sa pisikal na kalusugan at kabuuang kagalingan kasama ang mga pang-araw-araw na pisikal na aktibidad, mga regular na check-up sa pangangalaga ng kalusugan, nutrisyon at gawi sa pagtulog.

Wika at Cognition

Mga iba't ibang karanasan na nakaka-impluwensiya sa pag-develop ng wika at cognition ng kanilang anak, kasama ang pagbabasa, pagkukuwento, pakikipag-usap at kunyaring laro, pag-rhyme, paggamit ng mga pen at lapis, pagbibilang at pag-uuri, pagpipinta at marami pa.

Mga Sosyal at Emosyonal na Karanasan

Mga iba't ibang sosyal na karanasan na maaaring nagkaroon ang kanilang anak bago ang Kindergarten, kasama ang paglalaro kasama ang ibang bata, pag-share at pagtulong sa iba. At saka, tinatanong ang mga magulang/caregiver tungkol sa mga oportunidad na maaaring nagkaroon ang kanilang anak para pag-usapan ang tungkol sa kanilang mga emosyon at mga emosyonal na karanasan ng iba.

Maagang Pag-aaral at Pag-aalaga

Ang mga karanasan ng kanilang anak sa pakikipag-ayos sa pag-aalaga ng hindi mga magulang at sa preschool, pati na ang mga paghamong hinaharap kapag naghahanap ng pag-aalaga. Tinatanong din sila tungkol sa karanasan ng kanilang anak sa mga programa para sa pamamagitan at suporta.

Komunidad at Konteksto

Ang mga pananaw nila tungkol sa kaligtasan sa kanilang neighbourhood, mga oportunidad para maglaro ang mga bata sa labas sa kanilang neighbourhood, mga sosyal na network ng suporta at kung maaasahan ang mga kapitbahay na mag-alaga ng mga bata.

The Human Early Learning Partnership

Ang Human Early Learning Partnership (HELP) ay isang pananaliksik na institute na nakabase sa University of British Columbia. Sa mahigit 20 taon, ang HELP ay nakipagtulungan kasama ang mga school at mga school district sa buong British Columbia para mangolekta ng data sa populasyon-kalusugan na kaugnay sa malusog na pag-develop ng bata. Ang CHEQ ay isa sa isang pamilya ng mga tool na magagamit bilang bahagi ng sistema ng HELP sa pagsubaybay sa bata. Ang nakolektang impormasyon ay binabahagi sa mga school at komunidad upang suportahan ang mga bata at kanilang mga pamilya.

CHEQ	EDi	MDi
Childhood Experiences Questionnaire	Early Development Questionnaire	Middle Years Development Questionnaire
2-5 YEARS	5 YEARS	9-13 YEARS
Questionnaire para sa magulang at caregiver	Questionnaire para sa guro	Questionnaire para sa estudyante

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa proyektong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa pangkat ng Proyekto ng CHEQ:

604.822.3361
cheq@help.ubc.ca
earlylearning.ubc.ca

Kontakin kami:
earlylearning.ubc.ca/cheq/

HUMAN EARLY LEARNING PARTNERSHIP

UBC

Version: May 2022 - H20-02241

Human Early Learning Partnership (HELP)
University of British Columbia
440-2206 East Mall Vancouver
BC Canada V6T 1Z3
www.earlylearning.ubc.ca

The Childhood Experiences Questionnaire (CHEQ)

Pangunahing Imbestigador:	Dr. Mariana Brussoni, Director, Human Early Learning Partnership, UBC, mariana.brussoni@ubc.ca
Pangunahing Pag-kontak:	Melanie Hientz, CHEQ/EDI Implementation Manager, Human Early Learning Partnership, UBC, melanie.hientz@ubc.ca, (604) 827-3512
Petsa:	Setyembre 2022

Kayo ay iniimbitahan ng inyong school at ng Human Early Learning Partnership (HELP) sa University of British Columbia (UBC) na sumali sa Childhood Experiences Questionnaire (CHEQ). Ang CHEQ ay isang palatanungan na kinukumpleto ng mga magulang/tagapag-alaga sa simula ng Kindergarten na taon ng school. Nangongolekta ang CHEQ ng impormasyon tungkol sa mga karanasan na lubos na nauugnay sa kalusugan at kagalingan ng mga bata, at mga kinalabasan sa edukasyon at panlipunan. Ini-isponsor ng Gobyerno ng British Columbia (BC) ang CHEQ na proyekto.

SA ISANG SULYAP

- Aabutin ang CHEQ nang mga 30 minuto upang makumpleto
- Boluntaryo ang paglahok
- Binuod ang impormasyon sa mga ulat ng indibiduwal, classroom, school at distrito
- Kung gusto ninyong matuto nang higit pa tungkol sa CHEQ mangyaring bumisita sa http://earlylearning.ubc.ca/cheq/cheq-parent-information

Ano ang layunin ng proyektong ito?

Ang layunin ng proyektong ito ay na maunawaan nang mas mabuti ang pag-debelop ng mga bata bago sila magsimula sa school. Ginagamit ang CHEQ upang matulungan ang mga teacher, mga administrador ng school at mga kasosyo sa komunidad na magbigay at mapahusay ang mga naka-target na suporta para sa mga bata at pamilya sa British Columbia. Kabilang sa CHEQ ang mga tanong na nauugnay sa COVID-19 na pandemya upang matulungan kaming maunawaan ang mga segundaryong epekto ng pandemya sa mga bata at mga pamilya.

Boluntaryo ang paglahok

Boluntaryo ang paglahok sa proyektong CHEQ. Kung kukumpletuhin ninyo ang CHEQ, ipapalagay ang pahintulot para sa paglahok maliban kung piliin ninyong bawiin ito. Maaari kayong bumawi habang kinukumpleto ang palatanungan. Kapag naisama na sa mga ulat ang inyong mga tugon sa palatanungan, hindi na ito mababawi. Hindi makakaapekto ang inyong paglahok sa anumang mga serbisyo na natatanggap ng inyong pamilya mula sa school o sa distrito ng school.

Ano ang mangyayari?

Aabutin ang CHEQ na survey ng mga 30 minuto upang makumpleto. Makukuha ang CHEQ sa Ingles, Pinasimpleng Intsik at Punjabi na may opsyon na basahin ang mga tanong nang malakas sa Ingles. May tatlong bahagi ang CHEQ:
Kabilang sa Bahagi 1 ang mga tanong tungkol sa mga karanasan ng inyong anak. Maaaring ibahagi ang impormasyong ito sa mga tauhan sa school sa mga indibiduwal, classroom, school at distrito na ulat. Susundin ng mga tauhan sa school ang kanilang mga patnubay sa propesyonal na kagawian sa pangangalaga sa personal na impormasyon ng inyong anak. Ang mga ulat ng indibiduwal, classroom, at school ay hindi isasapubliko.

Kabilang sa Bahagi 2 ang mga tanong tungkol sa mga magkakaibang socio-economiko na salik, (hal., pag-empleyo, edukasyon, kita) at kumpidensiyal ang mga ito. Ang inyong mga tugon sa mga tanong na ito ay hindi ibibigay sa school o distrito ng inyong anak. Ang impormasyong makakakilala sa inyo ay tinatanggal mula sa mga tugon na ito at ang datos na ito ay ginagamit para sa mga pananaliksik na layunin lang, upang maunawaan nang mas mabuti ang mga katangian ng inyong kapitbahayan at komunidad.

Kabilang sa Bahagi 3 ang mga tanong tungkol sa mga karanasan sa panahon ng COVID-19 na pandemya.
Ang inyong mga tugon sa Bahagi 1 at 3 ay pagsasamahin sa mga iyon na mula sa mga ibang magulang/tagapag-alaga at iuulat sa publiko. Ang impormasyong makakakilala sa inyo ay tinatanggal mula sa mga tugon na ito.

Paano pinoprotektahan ang inyong impormasyon?

Kung ang CHEQ na impormasyon ay ginamit sa mga pananaliksik na publikasyon o mga pampublikong dokumento, ang inyong mga tugon sa mga tanong sa CHEQ ay pagsasamahin sa mga tugon mula sa mga ibang magulang/tagapag-alaga at ang inyong mga indibiduwal na tugon ay hindi kikilalanin sa anumang paraan.

Anong impormasyon ang ibabahagi ng HELP?

Upang makilahok sa CHEQ, nagbibigay ang inyong distrito ng school sa HELP sa UBC ng impormasyon tungkol sa inyong anak, kasama ang kanilang pangalan, Personal Education Number (PEN), petsa ng kapanganakan, kasarian, postal code, at kung sila ay First Nations, Métis o Inuit. Kabilang sa karagdagang impormasyon kung sila ay may kapansanan o may kakaibang kakayahan, o kung sila ay English Language Learner, o nasa French Immersion na programa. Ang impormasyong ito ay ibinabahagi para sa mga layunin ng pananaliksik.

Ginagamit ng school ang pangalan ng inyong anak upang pangasiwaan ang CHEQ at para sa layunin ng pagpaplano ng school, pero kapag ang datos ng CHEQ ay ginamit ng HELP para sa mga layunin ng pananaliksik, lahat ng nagpapakilalang impormasyon ay tinatanggal.

Paano iiimbak at gagamitin ng HELP ang datos ng CHEQ?

Ang HELP ay responsable para sa pagpapanatiling ligtas ang datos ng CHEQ. Iimbakin ang datos ng CHEQ sa isang ligtas na kapaligiran. Ang personal na impormasyon ay nakahiwalay sa datos ng CHEQ. Magagamit ang datos ng CHEQ para sa mga inaprubahang pananaliksik na proyekto sa **ilalim ng mga batas sa pagkapribado ng Pederal, Probinsiyal/Teritoryal**. Maaaring mag-apply ang mga mananaliksik para sa pahintulot na gamitin ang datos ng CHEQ para sa mga layunin ng pananaliksik o istatistiko. Kung naaprubahan, bibigyan sila ng pag-akses sa datos na hindi maikonekta sa anumang indibiduwal na mag-aaral.

Ang datos mula sa CHEQ ay maaaring iugnay sa ibang datos upang malaman ang tungkol sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa kagalingan, kalusugan at tagumpay sa school ng mga bata. Maaaring kabilang sa ibang datos ang impormasyon sa edukasyon at kalusugan. Ang datos na nakaugnay ay **maaari *lang* gamitin para sa pananaliksik, pagpaplano o pagsusuri ng mga mananaliksik na inaprubahan ng HELP sa ilalim ng isang aprubadong Kasunduan sa Pananaliksik**.

Ang datos ng CHEQ ay ibinabahagi rin sa BC Ministries of Government na gagamitin sa antas ng pangkat lang, para sa pananaliksik, pagsusuri at pagpaplano ng programa. Higit pang impormasyon ay makukuha sa: www.earlylearning.ubc.ca/safeguarding-personal-information/. Para sa mga alalahanin na nauugnay sa pagkapribado at seguridad ng datos ng CHEQ ng inyong anak, mangyaring kontakin ang Opisyal sa Pagkapribado ng HELP sa privacy@help.ubc.ca.

Datos at Mga Ulat sa Indigenous

Ang Aboriginal Steering Committee (ASC) sa HELP ay nagtatag ng isang protokol tungkol sa pag-ulat ng datos para sa mga bata na First Nations, Métis, at/o Inuit. Tinitiyak ng protokol na ito na ginagamit ang datos upang suportahan ang Indigenous na pagpapasya sa sarili para sa pagpapabuti ng kinalabasan ng pag-unlad para sa mga Indigenous na bata. Nag-uulat lang ang HELP ng datos ng CHEQ para sa mga Indigenous na tao sa pamamagitan ng pagpatnubay at pangangalaga at proteksyon ng ASC.

Paano makikinabang ang inyong school at komunidad?
Ang impormasyon mula sa CHEQ ay makakatulong sa mga school, mga tagapagplano ng programa, at mga komunidad na magkaroon ng higit pang kabatiran sa mga paraan ng paglikha ng mga maaagang karanasan upang matulungan ang mga bata na magtagunpay sa kanilang komunidad. Sa pagkumpleto ng CHEQ, ang mga magulang/tagapag-alaga ay nagbibigay ng detalyadong impormasyong kailangan ng mga komunidad upang suportahan nang istratehiko ang kanilang mga pamilya.

Saan kayo makakakuha ng higit pang impormasyon sa CHEQ na Proyekto?
Kung gusto ninyong matuto nang higit pa tungkol sa CHEQ mangyaring bumisita sa: http://earlylearning.ubc.ca/cheq/. Kung kayo ay may anumang mga tanong tungkol sa proyektong ito, mangyaring kontakin ang cheq@help.ubc.ca o 604-827-3512. Kung kayo ay may anumang mga alalahanin o mga reklamo tungkol sa inyong mga karapatan bilang kalahok sa pananaliksik at/o inyong mga karanasan habang lumalahok sa pag-aaral na ito, kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa University of British Columbia sa 604-822-8598, o sa e-mail sa RSIL@ors.ubc.ca o tumawag gamit ang libreng tawag na numero 1-877-822-8598.

Sumasainyo,

Dr. Mariana Brussoni
Director, Human Early Learning Partnership
University of British Columbia